

Ang Mga Pangako Namin Sa Inyo

Ang Mga Pangako Namin Sa Inyo ay pangakong ginawa ng mga empleyado ng Fraser Health, ng mga pasyente at mga pamilya.

Nangangako kami na magkakaroon ng positibong kapaligiran sa pangangalaga na nakatuon sa aming mga pasyente at kanilang mga pamilya.

Bilang isang tao na tumatanggap ng aming pangangalaga, maaari kang umasa ng pangangalaga na may:

- Dignidad at Paggalang
- Kaligtasan at Kalinisan
- Komunikasyon
- Pakikipagtulungan
- Pag-unawa
- Pagkapribado at Kumpidensyal

Para sa karagdagang impormasyon kung paano ka mananatiling ligtas habang nasa ospital, bisitahin kami sa:

fraserhealth.ca/safetystartswithme

Filipino

Meron ka bang nais na **purihin**, mga **katanungan** o **pag-aalala**?

Do you have a **compliment**, **question** or **concern**?



Sabihin sa amin kung paano ka inalagaan habang nasa ospital.

Nais kong magpasalamat sa iyo...

Hangga't maaari, mangyaring maglaan ng ilang sandali upang pasalamat o purihin ang iyong caregiver o ang taong nangangalaga sa iyo, o manedyer.

Maaari mo ring ipaabot ang iyong mga papuri sa Patient Care Quality Office. Ang iyong mga puna ay ibabahagi sa mga naaangkop na tao.

Nais kong magtanong...

Tanungin ang iyong care provider (o ang taong namamahala) ng mga katanungan tungkol sa iyong pangangalaga anumang oras.

Narito kami upang tulungan ka at isangkot ka sa pagpapalano ng iyong pangangalaga.

Nais kong magpahayag ng pag-aalala tungkol sa aking pangangalaga...

Mangyaring kausapin ang iyong care provider (o ang taong namamahala) kung mayroon kang mga pag-aalala tungkol sa iyong pangangalaga.

Haharapin namin kaagad ang iyong mga alalahanin nang walang pasubali. Umasa ka na itatrato ka namin nang may pagdamay, dignidad, paggalang, at nang walang diskriminasyon sa anumang paraan.

Kung sa palagay mo ay kailangang higit pang pagtuunan ng pansin ang iyong mga pag-aalala, mangyaring humiling na makausap mo ang manedyer sa lalong madaling panahon.

Kung nais mong magpaabot ng mga papuri o hindi ka nasisiyahan sa resulta ng pag-uusap tungkol sa iyong mga alalahanin? Mangyaring kontakin kami sa Patient Care Quality Office sa 1-877-880-8823 pcqoffice@fraserhealth.ca